
Kagawaran ng Edukasyon sa NSW

# Pagtatasa sa Pinakamahusay na Pagsimula sa Kindergarten

## Isang patnubay para sa mga magulang at tagapag-alaga

**Ang Pagtatasa sa Pinakamahusay na Pagsimula sa Kindergarten (Best Start Kindergarten Assessment) ay isang pagtatasa sa buong estado na makakatulong sa mga guro na malaman ang mga kasanayan sa pagbasa't-pagsulat at pagbilang sa Ingles ng bawat estudyante sa pagsisimula ng Kindergarten.**




Nagsisimula ang mga bata na pumasok sa paaralan na may ibat-ibang kasanayan sa maagang pagbasa't-pagsulat at pagbilang, kaalaman at pag-intindi na nabuo mula sa pakikipag-ugnayan nila sa mundo at mga taong nakapaligid sa kanila. Kasama sa Best Start Kindergarten Assessment ang pagbasa't-pagsulat at pagbilang na nagbibigay sa mga guro ng impormasyon tungkol sa mga kagalingan at pangangailangan ng bawat indibidwal na estudyante.

Ang pagtatasa ay sumusuporta sa mga guro na magbuo ng mga programa sa pagtuturo at pag-aaral mula sa kung ano ang nalalaman ng mga estudyante. Indibidwal na susuriin ang mga guro ang bawat estudyante, nakatuon kung ano ang kaya nilang gawin. Hindi kailangang maghanda o mag-aral ang iyong anak para sa pagtatasa. Dahil ang mga bata ay natututo sa magkakaibang kabilis, huwag mag-aalala kung ang iyong anak ay hindi makakasagot sa lahat ng mga tanong.

Ilang panahon pagkatapos ang pagtatasa, ang mga guro ay magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa mga kakayahan, kaalaman at pagkakaintindi na ipinakita ng iyong anak sa pagtatasa.

Ang Best Start Kindergarten Assessment ay para sa lahat ng mga estudyante. Kung hindi Ingles ang ginagamit na wika sa iyong bahay o kailangan ng ilang mga pagbabago ang iyong anak, kontakin ang iyong paaralan para sa mga impormasyon kung paano masusuportahan ang iyong anak.

### Pagtatasa sa pagbasa't-pagsulat

Ang mga gawain sa pagbasa't-pagsulat ay dinisenyo upang malaman kung ang mga estudyante ay may kayang isulat ang kanilang pangalan, makilala ang mga tunog, mga letra at mga pangkaraniwang salita, at matatandaan ang mga ilang detalye sa isang maikling aklat na binasa sa kanila.

Habang nasa pagtatasa sa pagbasa't-pagsulat, ang guro ay magtatanong sa iyong anak ng katulad nito:

- 'Pakinggan ang mga salita ito: map, tap. Ano pa ang mga salitang katunog ng mga ito?'
- (pagkatapos ang pagbasa ng isang maikling aklat) 'Maaari mo bang sabihin kung ano ang kuwentong binasa ko?'

Ang mga pagtatanong na ito ay makakatulong sa mga guro na malaman kung ang iyong anak ay maaaring makakilala sa mga salitang magkakatunog at matandaan ang impormasyon mula sa isang maikling aklat na binasa sa kanila. Ang mga ito ay mahalaga sa kasanayan ng pagbasa't-pagsulat na matututunan ng mga bata sa kanilang unang taon sa paaralan.

### Pagtatasa sa pagbilang

Ang gawaing pagbilang ay kaugnay sa mga maaagang konsepto ng numero at dinisenyo upang makilala kung gaano kagaling magbilang ang estudyante, kung ano ang mga numero na nakikilala nila, kung kaya nilang bilangin ang mga bagay, magdagdag o magbawas ng mga maliit na bilang; at makakikilala ng mga paulit-ulit na guhit.

Habang nasa pagtatasa sa pagbilang, ang guro ay maaaring magtanong sa iyong anak ang katulad sa:

- 'magsimulang magbilang mula sa isa hanggang paghintuin kita'
- 'maaari mo bang sabihin kung anong numero ito?' (5)

Itong mga tanong ay makakatulong sa mga guro na malaman kung ang iyong anak ay may kayang makakilala ng mga numero at makapagbilang mula isa at pataas. Mahalaga ang mga kasanayan sa pagbilang na matututunan ng mga bata sa kanilang unang taon sa paaralan.

**Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Best Start Kindergarten Assessment, kontakin ang paaralan ng iyong anak.**

Kung kailangan mo ng interpreter, kontakin ang Telephone Interpreter Service sa 131 450. Maaari silang magsa-ayos ng interpreter sa iyong wika upang makatulong sila sa pakikipag-usap mo sa paaralan. Hindi ka pagbabayarin sa serbisyong ito.